Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna

2:25 pm

**BAYAN NG CAVINTI**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Enero 9, 2017

KGG. KALIHIM
Sangguniang Panlalawigan ng Laguna
Santa Cruz, Laguna

Mahal na Kalihim:

Magalang na itinutuloy ang naritong kalakip na Kapasiyahan Blg. 2016-100/Kautusang Pambayan Blg. 2016-05 na pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, na may petsa Disyembre 19, 2016, para sa inyong maagang kaalaman, kaukulang tala at pagpapatibay.

Mangyaring patunayan po ang pagtanggap nito.

Lubos na sumasainyo,

NITZSHELL T. DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Kalakip:

/tulad ng nasasaad

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG CAVINTI**

2:28 pm

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

HALAW SA KATITIKAN NG IKA- 46 NA PANGKARANIWANG PULONG SANGGUNIANG BAYAN NG CAVINTI, LAGUNA, NA GINANAP NOONG IKA-19 NG DISYEMBRE, 2016 DITO SA BULWAGANG PULUNGANG BAYAN, GUSALING ABC HALL.

MGA DUMALO: KGG. ANITA C. BAEYENS, PANG. PUNUMBAYAN;
Kgg. Arrantlee R. Arroyo, Kagawad;
Kgg. Elma P. Flores, Kagawad;
Kgg. Floro G. Esguerra, Kagawad;
Kgg. Joel R. Ansay, Kagawad;
Kgg. David V. Blastique, Kagawad;
Kgg. Crispin D. Sanchez, Kagawad;
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, Kagawad ;
Kgg. Marlon F. Villanueva,Kagawad; at
Kgg. Oscar A. Ramos, Kagawad.

HINDI DUMALO: " W A L A"

**KAPASIYAHAN BLG. 2016-100**

**KAPASIYAHAN NA NAG-AAMYENDA SA ARTIKULO IV NA NAKAPALOOB SA KAPASIYAHAN BLG.2009-092/KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 2009-005 NA MAY PETSA HUNYO 15, 2009, NA NAGSASAAD NG SINGIL, BUTAW AT BAYARIN SA PAGPASOK NG MGA TURISTA AT PAGGAMIT NG MGA PASILIDAD SA BUMBUNGAN ECO-PARK, BARANGAY TIBATIB, CAVINTI, LAGUNA AT NAGTATAKDA NG BAGONG SINGIL, BUTAW AT BAYARIN SA NASABING POOK PASYALAN.**

SAPAGKAT, batay sa isinasaad sa Artikulo IV na nakapaloob sa Kapasiyahan Blg. 2009-092/Kautusang Pambayan Blg. 2009-005 na may petsa Hulyo 15, 2009, nagsasaad ng singil, butaw, at bayarin sa mga turistang papasok sa Bumbungan Eco-park ay hindi na angkop na ipatupad at kinakailangan ang dagdag na singilin para sa operasyon at paggamit sa mga pasilidad sa nasabing lugaring pookpasyalan;

SAPAGKAT, layunin ng pagdaragdag na ito ng singil sa mga butaw, at bayarin na matugunan ang mgapangangailangan at pagpapanatili ng kaayusan ng mga pasilidad ng pook pasyalang ito, upang maging kaaya-aya ang ibayong pagbibigay ng magandang serbisyo sa mga turistang dumarayo sa lugar;

DAHIL DITO, iminungkahi ni Kagawad Crispin D. Sanchez, na buong pagkakaisang napinangalawahan at sinang-ayunan at malugod na sinang – ayunan ng lahat ang pagpapatibay ng sumunod na kautusan :

**KAUTUSANG PAMBAYAN BGL. 2016-05**

**ISANG KAUTUSANG NAG-AAMYENDA SA ARTIKULO IV NA NAKAPALOOB SA KAPASIYAHAN BLG.2009-92/KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 2009-005 NA NAGSASAAD NG SINGIL, BUTAW AT BAYARIN SA PAGPASOK NG MGA TURISTA AT PAGGAMIT NG MGA PASILIDAD SA BUMBUNGAN ECO-PARK, BARANGAY TIBATIB, CAVINTI, LAGUNA**

HON. ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Councilor

**AT NAGTATAKDA NG BAGONG SINGIL, BUTAW AT BAYARIN SA NASABING POOK PASYALAN**

IPINAG-UUTOS ngSangguniang Bayan ngCavinti, Laguna, sanagkakatipon-tiponna:

ARTIKULO I

HALAGA NG SINGIL, BUTAW AT/O BAYARIN

SEKSYON 1 – Mga lehitimong mamamayan, naninirahan at rehistradong taga Cavinti:

| | | |
|---|---|---|
| 6AM – 6PM | Entrance Fee - | ₱10.00 |
| | Environmental Fee - | 10.00 |
| | Total | ₱20.00 |
| 6PM – 6 AM | Entrance Fee - | ₱20.00 |
| | Environmental Fee - | 10.00 |
| | Total | ₱30.00 |

SEKSYON II – Bayarin at/o singilin mula sa mgaTuristang Lokal at Dayuhan:

| | | |
|---|---|---|
| 6AM – 6PM | Entrance Fee - | ₱20.00 |
| Environmental Fee | | - 10.00 |
| | Total | ₱30.00 |
| 6PM- 6AM | Entrance Fee - | ₱30.00 |
| Environmental Fee | | - 10.00 |
| | Total | ₱40.00 |

SEKSYON III – Iba pang bayarin at/o singil sa paggamit ng mga pasilidad sa nasasakupan ng Bumbungan Eco-park.

| | | Cavinti Locals | Regular Tourist |
|---|---|---|---|
| a) Open Cottage | | | |
| | Umaga - 6AM – 6PM - | ₱200.00 | ₱ 250.00 |
| | Gabi-6PM – 6AM - | 300.00 | 350.00 |
| Kubo | | | |
| | Umaga - 6AM – 6PM - | ₱300.00 | ₱ 350.00 |
| | Gabi-6PM – 6AM - | 400.00 | 450.00 |

b) Gamit sa Kuryente sa loob ng 12 oras:

₱100.00 bawat kagamitan/pasilidad

Videoke
Rice Cooker
Oven toaster
Microwave oven
Electric Pot
Electric coffeemaker
Sound System

c) Iba pang Kagamitan:

| | |
|---|---|
| Monobloc Table with 4 Chairs (max 12 hrs.) - | ₱ 100.00 |
| Additional Chair/pc | 5.00 |
| Lifevest (per 4 hours) | 30.00 |
| Life Raft/Timbulan (per 4 hours) | 10.00 |
| Paddle Boat** (max of 4 pax) per hour | 100.00 |

KGD. ARANTLEE R. ARROYO
Konsehal

| | |
|---|---|
| Bamboo Raft**(max of 2pax) per hour<br>** (inclusive of lifevest) | 60.00 |

ARTIKULO II

PAGPAPATUPAD

SEKSYON I – Ang Tanggapan ng Pambayang Ingat-yaman ang may kapangyarihang maningil, gaya ng mga sumusunod:

Sek. 1.1 Ang lahat ng kabayaran mula sa mga turista ay patutunayan sa pamamagitan ng isang Official Receipt , na nagsasaad ng Pangalan ng Turista, Petsa ng Pagbabayad at Halaga ng Ibinayad;

Sek.1.2 Ang lahat ng kinita sa bawat araw ay ipapasok na lahat sa kabang yaman ng bayan at isusumite ng naatasang kolektor bago sumapit ang ika-5:00 ng hapon ng bawat araw.

Sek. 1.3 Ang kabahaging kita ng Barangay Tibatib , Cavinti, Laguna bilang nakakasakop ng nasabing lugaring panturismo ay ipagkakaloob ang kabahagi ng kita tuwing ikatlong buwan (quarterly) ng bawat taon, na nakasaad sa kasunduan sa pag-itan ng Barangay Tibatib at ng Lokal na Pamahalaan ng Cavinti.

Sek.1.4 Ang maaatasang kawani sa bawat araw ang magsusumite ng tala ng bilang ng turistang pumapasok sa bawat araw ayon sa isusumiteng ulat ng pinagbayaran, upang magsilbing basehan ng Komisyon ng Awdit sa bawat ulat na isusumite.

ARTIKULO III

PANGWAKAS PROBISYON

SEKSYON I –PAGPAPAWALANG BISA AT SAYSAY –Ang anumang mga naunang ordinansa na sumasalungat sa isinasaad ng kautusang ito ay pinawawalang bisa at saysay, upang mabigyang daan ang pag-amyenda sa kautusang ito,

SEKSYON 2 – KAYANG IHIWALAY NA SUGNAY– Kung anumang bahagi o probisyon ng Batas na ito na ipinasiyang walang – bisa o labag sa konstitusyon, ang ibang probisyon ay hindi apektado at sagayon ay dapat manatili sa puwersa at epekto.

SEKSYON 3 – PAGKAKABISA – Ang Pambayang Kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito ay mapagtibay ay maipaskel sa mga hayag na lugar sa loob ng labin-limang (15)araw.

PINAGTIBAY. DISYEMBRE 19, 2016.

PINATUTUNAYAN KO na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika-46 na Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika-19 ng Disyembre, 2016.

NITZSHELL T. DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

MAY KINALAMAN:

ARRANTLEE R. ARROYO
Kagawad

CRISPIN D. SANCHEZ
Kagawad

(karugtong ng Kap. Blg. 2016-100/Pambayang Kautusan 2016-05)

ELMA R. FLORES
Kagawad

FLORO G. ESGUERRA
Kagawad

JOEL R. ANSAY
Kagawad

DAVID V. BLASTIQUE
Kagawad

JIMMY JOSE V. OLIVEROS
Kagawad

MARLON F. VILLANUEVA
Kagawad

OSCAR A. RAMOS
Kagawad

VM ANITA C. BAEYENS
Nangungulong Pinuno

PINAGTIBAY:

KGG. MILBERT L. OLIVEROS
Punumbayan

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG CAVINTI

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KATITIKAN NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG HINGGIL SA PAG-AAMYENDA NG BUTAW/SINGIL AT BAYARIN SA PAGPASOK AT PAGGAMIT NG MGA PASILIDAD SA BUMBUNGAN ECO-PARK NA GINANAP NOONG IKA-29, NG NOBYEMBRE 2016, GANAP NA 1:00 NG HAPON, DITO SA BULWAGANG PULUNGANG PAMBAYAN.

MGA DUMALO: KGD. CRISPIN D. SANCHEZ, TAGAPANGULO-LUPON SA APROPRASYON,
KGD. ARRANTLEE R. ARROYO, TAGAPANGULO-LUPON SA TURISMO,
KGD. JOEL R. ANSAY, TAGAPANGULO-LUPON SA MGA BATAS AT ORDINANSA,AT
KGD. ELMA P. FLORES, MIYEMBRO

PANAUHIN: (See attached attendance)

PAKSA: KAPASIYAHAN/KAUTUSAN NA NAG-AAMYENDA SA ARTIKULO NA NAKAPALOOB SA KAPASIYAHAN BLG. 2009-092/KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 2009-005 NA MAY PETSA HUNYO, 15, 2009, NA NAGSASAAD NG SINGIL, BUTAS AT BAYARIN SA PAGPASOK NG MGA TURISTA AT PAGGAMIT NG MGA PASILIDAD SA BUMBUNGAN ECO-PARK, BARANGAY TIBATIB, CAVINTI, LAGUNA AT NAGTATAKDA NG BAGONG SINGIL, BUTAW AT BAYARIN SA NASABING LUGARING PANTURISMO.

**PAGTALAKAY SA PAKSA:**

Sa panimula ng Pampublikong Pagdinig, nag-alay muna ng isang panalangin at matapos ito, ipinaliwanag ni Kgd. Crispin D. Sanchez na ang Kapasiyahan/Kautusang gaya ng binabanggit sa itaas nito ay mahigit ng limang taon na ipinatutupad at ang Punong Ehekutibo ay may kahilingan para amyendahan ang nasabing kapasiyahan/kautusan. At upang maging maayos ang daloy ng talakayan, hiniling niya sa kapulungan na sundin ang pagkakasunod-sunod ng hanay ng bawat artikulo/seksyon, kung may komento/suhestyon sa nakasaad rito.

Binasa ng Nanunuparang Tagatala ang nilalaman ng Kapasiyahan Blg. 2009-092/kautusan Blg. 2009-005 at matapos itong basahin, hiningi ni Kgd. Crispin D. Sanchez ang komento/suhestyon at paliwanag ng bawat isang may nais iparating sa kapulungan.

Dumako at tinunghayan ang bawat Artikulo at binigyan ng pansin ang mga sumusunod:

Artikulo I

*Seksyon III-iba pang bayarin at/o singil sa paggamit ng mga pasilidad sa nasasakupan ng Bumbungan Eco-park.*

*a) Cottage – umaga-6AM-6PM - P300.00*
*Gabi - 6PM-6AM - 500.00*

Komento ng Punong Barangay ng Tibatib, Gemarie F. Notario na ang halagang P300.00 at P500.00 ay masyadong mataas, sapagkat ayon sa kanya bukod sa ang mga kubo ay hindi na magaganda at sira-sira na ay ang kadalasang pumupunta sa Eco-park ay mga taga rito rin lamang sa Cavinti, kaya hiling ni Kapt. Gemarie Notario na kung maaari ay bawasan ang halaga na nakasaad sa panukalang pag-aamyenda ng kapasiyahan/kautusang pinag-uusapan.

Paliwanag naman ni G. Ulysses Bituin ( kawaning nakatalaga sa Departamento ng Turismo) na may mga dahilan at basehan ang pagtataas ng singil/butaw at bayarin sa Eco-park, sapagkat ang mga kubo (cottage) ay ni-repair at ang mga bubong na anahaw ay pinapalitan, kaya malaki ang gastos ng pamahalaan.

Bilang karagdagang paliwanag ni SB Sec. Nitzshell T. Dela Torre, kaugnay sa mga bayarin sa cottage na P300.00 sa umaga at P500.00 gaya ng binanggit ni G. Bituin na ang mga kubo sa Eco-park ay inaayos at para sa kaalaman na rin ng lahat, sinabi ng SB Sec. Nitzshell dela Torre na may kubo ring hindi na aayusin, dahil iyon ay aalisin na. Idinagdag pa niya na palibhasas'y siya pa rin ang gumaganap bilang Tourism Officer at bago siya nag-recommend ng fees ng ganitong halaga para sa mga bayarin kaugnay sa operasyon ng Bumbungan Eco-park, siya ay nagtungo muna sa ibang bayan na may lugar pantuirsmong tulad ng Eco-park upang mag-research tungkol sa mga bayarin ng turistang bumibisita sa kanilang Eco-park at doon ay kanyang napag-alaman na kung ikukumpara ang mga bayarin dito sa Bumbungan Eco-park ay kahit itaas ang singil dito, ay tayo pa rin ang may pinakamababang sinisingil sa ganitong eco-park. Bukod ditto, nabanggit din niya na isa pa rin sa mga dahilan sa pagtataas ng mga bayarin sa nasabing Bumbungan Eco-park ay sapagkat ang kinikita doon ay hindi halos sumasapat sa gastusin sa Eco-park, tulad ng pagmamantina sa mga pasilidad at kasama na rin ang pampasahod sa mga kawaning nakatalaga doon.

Muling nagsalita si Kapt. Gemarie Notario, at aniya'y hindi naman niya kinukwestyon ang pagtataas nito, subalit ang kanyang suhestyon at pakiusap ay huwag biglain ang pagtataas sapagkat dapat daw ay tingnan din ang mga kalagayan/katayuan ng mga taong nagtutungo sa Eco-park na kadalasan ay mga kababayan din natin.

Dahil dito, itinagubilin ng hapag na ang suhestyon at kahilingan ni Capt. Notario ay matatala sa katitikan upang ito ay mapag-usapan ng lupon at maikunsidera sa ginagawang pag-aamyenda sa mga singil, butaw at bayarin sa Eco-park.

*b. Gamit sa koryente sa loob ng 12 oras:*

*Videoke*
*Rice Cooker*
*Oven Toaster*
*Microwave oven*
*Electric Pot*
*Electric Coffeemaker*
*Sound System* — *P100 bawat kagamitan/pasilidad*

Paglilinaw din ni Capt. Gemarie Notario sa mga kagamitang nabanggit na ibig sabihin kung ang mga ito ay lahat dinala pagpunta sa Eco-park ay sisingilin ng P100.00 kada gamit, kaya ito ay malaki-laki ring bayarin.

Binigyang pansin naman ni Assessor Marlon Esguerra ang tungkol sa iba pang bayarin (Rental Fees) sa mga kagamitan sa Eco-park na ito ay hindi napasaad sa panukalang kapasiyahang pinag-uusapan ngunit ito ay napagtalakayan noong magsagawa ng pag-aaral sa Local Tax Code, gaya ng sumusunod: Monoblock Table and Chairs; Lifevest; LifeRaft/Timbulan; Paddle Boat at Bamboo Raft.

Ayon kay Kgd. Crispin D. Sanchez, bagaman at hindi ito napalagay sa panukalang kapasiyahan/kautusan, ito naman ay kasama sa Executive Agenda at marahil ay nakaligtaan lamang sa pag-e-encode, kaya sinabi niya na ang rental fees sa mga nabanggit na kagamitan ay kasama sa pag-aamyenda ng mga bayarin sa Eco-park.

Artikulo II
PAGPAPATUPAD

1)
2)
3) *Ang kabahaging kita ng Barangay Tibatib, Cavinti, laguna bilang nakakasakopng nasabing lugaring panturismo ay ipagkakaloob ang kabahaging kita tuwing ikatlong buwan (quarterly) ng bawat taon, na nakasaad sa kasunduan sa pag-itan ng Barangay Tibatib at ng Lokal na Pamahalaan ng Cavinti.*

At para sa kaalaman ng lahat pagdating sa sharing na tinatanggap ng brgy. Tibatib, ipinaalla ni Kgd. Arrantlee R. Arroyo na kung ano man ang concern ng brgy. Tibatib ay matapos ang approval ng ordinansa sa pag-aamyenda ay isusunod na ring pag-usapan ang Memorandum of Agreement sa pagitan ng Pamahalaan at Brgy. Tibatib at ang MOA ay ihahanda ng Punong Ehekutibo, partikular ng Department of Tourism.

Kaugnay pa rin ng sharing na kung saan ay ang Brgy. Tibatib lamang ang tumatanggap nito mula sa pamahalaan at dito ay ipinarating ni Brgy. Kgd. Marvin Valdopenas sa kapulungan na sa dapat daw ay ang brgy. Poblacion ay may share din sapagkat ang Eco-park ay may bahagi rin na sakop ng kanilang barangay.

Sa puntong ito, ibinigay ang pagkakataon kay Assessor Marlon Esguerra at ayon sa kanya, ang pag-itan ng Brgy. Poblacion at Tibatib ay ilog, kaya may sakop ang brgy. Poblacion.

Sapagkat ang isyu ay panturismo at bilang tumatayong Tourism Officer hiningan din ng paliwanag si SB Sec. Nitzshell Dela Torre.

Ayon kay SB Sec. Nitzshell dela Torre, pagdating sa sharing, ito ay kanyang naabutan na ang tumatanggap lamang ng share mula sa pamahalaan ay ang brgy. Tibatib at kung

ang pagbabsehan ay ang mga lumang dokumento ay wala siyang natatandaan na ang brgy. Poblacion ay may kabahaging kita. Ngunit magkagayun man, isinuhestyon niya na ang bagay na ito ay pag-uukulan ng pansin at pag-aaralan para mabigyan ng konsiderasyon.

Sa ilalim din ng artikulong ito, isinuhestyon pa rin ni Kap. Gemarie Notario na kung pahihintulutan sa kapulungan ay nais niyang hilingin na maidagdag sa probisyon at gawing panglima (5) : na mahigpit na ipinagbabawal ang pakikisalamuha at pakikigpag-inom sa mga bisita/turista ang mga kawani ng pamahalaan sa oras ng kanilang trabaho.

Kaugnay sa suhestyon ni Kap. Gemarie Notario at para sa kabatiran ng bawat isa, ipinaliwanag ni kgd. Arrantlee R. Arroyo na ang pamahalaang bayan ay may mga panuntunan at regulasyong ipinatutupad sa mga kawani pagdating sa ganitong bagay.

At sa pagtatapos ng talakayan, nais ding iparating ni SB Sec. Nitzshell dela Torre sa kapulungan na ang kinikita sa mga lugaring panturismo ay bahagi ng Economic Enterprise at dapat daw ang kinikita sa bawat Tourist Spot ay sapat para matustusan ang mga kagastusan sa pag-o- operasyon , subalit ayon sa kanya at base sa talaan ng mga Turistang nagtutungo sa iba-ibang lugaring panturismo dito sa ating bayan, ang Bumbungan Eco-park ang may pinakamaraming bisita/turista ang nagtutungo, ngunit lumalabas ay dito may pinakamababang kinikita, kaya ito'y kulang pang gastusin sa nasabing Eco-park.

Sapagkat wala ng naging puna sa ilalim ng Artikulo III at Artikulo IV kaya napagkaishan ng bumubuo ng lupon at sinang-ayunan ng lahat ang ganitong rekomendasyon .

REKOMENDASYON :

Matapos marinig ang mga opinyon at suhestyon ng bawat isa,napagkaisahan sa kapulungan na *PAGTIBAYIN* ang Kapasiyahan/Kautusan na nag-aamyenda sa Artikulo IV na nakapaloob sa Kapasiyahan Blg. 2009-092/Kautusan Blg. 2009-005 na may petsa Hunyo 15, 2009 na nagsasaad ng Singil, Butaw at bayarin sa pagpasok ng mga turista at paggamit ng mga pasilidad sa Bumbungan Eco-park, Barangay Tibatib, Cavinti, Laguna.

Tinapos ang pampublikong pagdinig ganap na 3:15 ng hapon.

Inihanda ni:

ZAINE A. LACOSTALES

MAY KINALAMAN:

KGD. CRISPIN D. SANCHEZ
TAGAPANGULO-LUPON SA APROPRASYON

KGD. ARRANTLEE R. ARROYO
TAGAPANGULO-LUPON SA TURISMO

KGD. JOEL R. ANSAY
LUPON SA MGA BATAS AT ORDINANSA

KGD. ELMA P. FLORES
MIYEMBRO

Public Hearing - Eco Park
Nov. 29, 2016

ATTENDANCE

| NAME | ADDRESS / DESIGNATION | SIGNATURE |
| --- | --- | --- |
| GEMARIE F. NOTARIO | BRGY. CAPTAIN | |
| ELMA P. FLORES | SB MEMBER | |
| OLDAN A. PEREJA | KAGAWAD | |
| JOEL ANSAY | SB | |
| ANDY P. BLEZA | KAGAWAD | |
| drigo Q. Ramos | Kagawad | |
| ani de Leon | Brgy. Mahiga / Kagawad | |
| ta Q. Gloria | Brgy. Bakal Kagawad | |
| van G. Amante | Brgy. Layasin - Sec. | |
| RAVE L. VILLEGAS | BRGY DUKAT - Treasurer | |
| RWIN G. JACDOPEÑAS | PABALON / KGWD | |
| WEL P. JUANILLO | OMBUDO STAFF | |
| on S. Esguerra | Mun. Assessor | |
| Lio L Socorro | Brgy Captain | |
| PH GREGOR T. ANSAY | KAGAWAD | |
| ANGELO CAPIZ | MPDC | |
| rnard G. Legman | Tourism | |
| Lorraine A. Orff | MAO | |
| T. Custodio | OMTE | |
| LETO L. RAMOS | KAGAWAD | |
| yr I. Valente | BRGY. TREAS. | |
| n G. CUSTODIO | BRGY - TIPATNO (SEC.) | |
| IRL J. ARROYO | BRGY. KAGAWAD | |
| ETH F. OBLOPIAS | Brgy Sumucab | |
| ita F. O | | |